

Si Balagtas at ang Pagsasakatuparan ng “bayang natimaua” ng Rebolusyon ng 1896/

Balagtas and the Imagining of “bayang natimaua” of 1896 Revolution

Kevin P. Armingol
Far Eastern University, Manila, Philippines
karmingol@feu.edu.ph

Layunin ng papel na ito na igiit ang ugnayan ng naging popular noong ika-19 na siglong awit na *Florante at Laura* ng Bulakenyong makatang Francisco “Balagtas” Baltazar na nailathala noong 1834, sa pagrerebolusyon ng mga Pilipino noong 1896. Sa pamamagitan ng tekstuwal na pagsusuri, gagamitin ang mga piling dokumento ng Katipunan at ang kalakhang artikulong nalathala sa Kalayaan – ang una’t huling pahayagan ng Katipunan – na sinasabing nakaimpluwensiya sa pagmumulat at pagpapakilos ng humigit-kumulang 30,000 Pilipino sa gabi ng himagsikan. Mula rito, primaryang susuriin ang kahulugan at konteksto ng salitang “bayan” na ginamit sa buong awit at ang relasyon nito sa pahayagang Kalayaan at mga kaugnay na dokumento. Nais patunayan ng pag-aaral na ang “bayan” na tinutukoy sa piling mga dokumento ng Katipunan ay siyang bayan na hinalaw sa *Florante at Laura*. Sa madaling sabi, naniniwala ang pag-aaral na taglay ng *Florante at Laura* ang tumitindi at sumisidhing kolektibong lunggati at diwang makabayan ng mga Pilipino laban sa Kolonyalismong Espanyol na siyang nagsilbing inspirasyon ng mga Katipunero sa Rebolusyon ng 1896. Bukod sa awit na *Florante at Laura*, ang librong *Light of Liberty Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897* ni Jim Richarson (2013) ay magsisilbing primaryang batis ng pag-aaral. Panghuli, hangad ng pag-aaral na ito na maiposisyon at higit na mabigyang-diin si Balagtas hindi lamang bilang hiyas ng Panulaang Tagalog kundi maging kabilang sa prominente at mahalagang indibidwal sa Kasaysayan ng Pilipinas.

Mga Susing Salita: Francisco “Balagtas” Baltazar, *Florante at Laura*, bayan, pahayagang Kalayaan, Katipunan, awit

This paper aims to assert the connection between 19th century awit/poem Florante at Laura by the Bulacan poet Francisco “Balagtas” Baltazar published in 1834, in relation to the revolt of the masses of 1896, by using textual analysis on the selected documents of the Katipunan and most of the articles published in Kalayaan – the first and last organ of Katipunan – that was believed to have influenced in awakening and mobilizing 30,000 Filipinos on the eve of the revolution. From this, analysis will be primarily focused on the meaning and context of the word “bayan” that was used from the whole awit and its relation to Kalayaan and other related documents. The study wants to prove that the “bayan” referred in selected documents in Katipunan is the “bayan” from the awit Florante at Laura. Hence, the study believes that Florante at Laura carries the collective aspirations and nationalist spirit of the Filipino people that serve as inspiration for Katipuneros in waging the Revolution 1896 against Spanish colonialism. Aside from this work, Florante at Laura, Jim Richardson’s Light of Liberty Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897 (2013) will serve as one of the primary sources of this study. Lastly, the study wants to give more emphasis on the nationalist role of Balagtas and positions him in the political space, not just only as the gem of Tagalog poetry, but as one of the prominent and significant individuals of Philippine history.

Keywords: Francisco “Balagtas” Baltazar, Florante at Laura, bayan, Kalayaan newspaper, Katipunan, awit

Panimula

Sa kabila ng kanyang pagkamatay noong 1862, nagpapatuloy ang popularidad ni Francisco “Balagtas” Baltazar sa kolektibong alaala ng mga Pilipino kakabit ang impluwensya at posibilidad ng iba’t ibang mensahe ng sekular na awit na *Florante at Laura*. Noong 1885, nasaksihan ni Epifanio de los Santos o EDSA sa magkahiwalay na lugar ang lalim ng pagkakatanim ng *Florante at Laura* mula sa isang tagabukid at babaeng piloto ng bangka (Reyes 325). Sa pagsasalin-salin ng mga popular na linya’t saknong ng awit ni Balagtas, naghawan din ito ng samot-saring pag-unawa at saysay makalipas ang mahigit dalawang siglo (21).

Ang linyang “*Sa loob at labás, n~g bayan cong sauí/ caliluha,i, siyang nangyayaring hari/ cagalin~ga,t, bait ay nalulugamí/ ininís sa hucay nang dusa,t, pighatí*” (Baltazar sak.14) ang nagturing kay Balagtas bilang “makabayan” at “moderno” at naglagay sa pedestal ng kasaysayan at panitikang Pilipino – bilang may-akda at bilang “buhay” na teksto ng susunod na panahon (Reyes 38). Upang malusutan ang sensura, bilang intelektwal, pinag-aralan niya ang tradisyong *metrico romanse* at panulaang Tagalog upang lumikha ng alegorya sa kalagayan ng bayan bilang pagganti at subersyon sa namamayaning kolonyal na kaayusan (Hosillos 55).

Sa *Florante at Laura*, may kabuuang 41 ang salitang bayan habang may 12 namang pagbanggit sa *ciudad*. Maitatanong: kung ang Pilipinas ang bayang tinutukoy sa *Florante at Laura*, ano at paano isinalarawan ang kalagayan ng bayan gamit ang dungan laban sa kolonyal na gahum ng ika-19 na siglo? Paano nakaimpluwensiya si Balagtas sa panulat ng mga pangunahing personalidad ng ika-19 na siglo at sa pagputok ng Rebolusyon ng 1896 laban sa gahum ng dayuhang mananakop? Ang *Florante at Laura* at mga dokumento ng Katipunan mulang 1892-1897 sa librong *Light of Liberty* ni Jim Richardson ang gagamiting primaryang batis sa pag-aaral. Samakatuwid, naghahain ang kasalukuyang papel ng mahigpit na ugnayan ng impluwensiya ni Balagtas gamit ang bayan at ng *Florante at Laura* na popular na babasahin ng ika-19 na siglo bilang representasyon ng kalagayang pulitikal at lunggati ng Pilipinas sa mga dokumento ng Katipunan noong 1892-1897, lalo na sa pahayagang *Kalayaan*, na tinatayang nakapagpakilos ng 30, 000 Pilipino sa pagputok ng rebolusyon.

Pagdalumat sa Bayan

Ayon kay Paul Dumol, halos pareho ang katutubong konsepto ng bayan sa sinaunang dokumento ng *Declaracion de la doctrina Christiana e idioma Tagalog* noong ika-17 siglo:

“...it is the community in which one was born, considering that it is the community of one’s father, and in which one has grown up. The primitive concept of *bayán* includes the ideas of *origin* and *identity*. But the *bayán* is also the community in which one has started one’s family. Thus, the early concept of *bayán* also includes the idea of *generational continuity*.” (Dumol *The Early Concept of Bayan*)

Dagdag niya, may tatlong elemento ang *bayán*: “ang mamamayan, mga bahay (sa loob ng bayan), at lupang tinubuan na sistematikong magkakaugnay sa isa’t isa upang mabuhay at patuloy na umunlad.” Mula rito, hindi nalalayo ang pagkaunawa sa *bayán* noon sa ngayon. Sa gitnang bahagi ng ika-17 hanggang ika-19 na siglo, ang kasaysayan ng pagkakatatag ng parokya ay pagkakatatag din ng *bayán* sa kapuluan na nagpabago sa pag-unlad ng kamalayang pampolitika ng mga ‘Filipino.’ (Dumol *Reading the Foundation Dates* 1-13).

Litaw ang pagiging “magkakamag-anak” ng katumbas ng salitang *bayán* sa mga pangunahing wika sa bansa. Pansinin halimbawa sa *Vocabulario Iloco-Español* ni Padre Andres Carro (1888), “ili” (*pueblo*) ang bayan sa Ilocos, kaya ang “daguiti umili” (*vivir o habitar en un pueblo*) ang tawag sa mamamayang naninirahan sa ili. Katumbas naman ng “baley” ang bayan sa *Nuevo Vocabulario Hispano-Pangasinan* ni Anastacio Austria Macaraeg (1904).

Samantala, “balayan” (*pueblo*) at hindi pa “balen” ang bayan sa *Vocabulario de la Lengua Pampanga* ni Padre Diego Bergaño (1860) at tumutukoy rin sa lugar na kinaroroonan ng tahanan o bahay (*lugar donde hay casa*) habang “mamalayan” (*los habitantes*) para sa mamamayan. Maaaring nagsimula ang pagbabago mulang “balay” tungong “balen” nang makiisa ang Pampanga sa walong bayang naghimagsik sa dayuhang mananakop sa pagputok ng Rebolusyon ng 1896. Sa pagdating ng bagong mananakop, makikita ang nabanggit na pagbabago sa *English-Spanish-Pampango Dictionary* ni Luther Parker noong 1905 na itinumbas ang “balen” bilang *pueblo* at “town” sa Ingles. Sa kasalukuyan, ang balen ay tumutukoy sa bayan, pamayanan, mamamayan, at bansa (Samson 93).

Ganito rin ang mapapansin sa *Diksionariong Bikol* ni Malcom W. Mintz (1972) na ibinatay sa *Vocabulario de la lengua Bicol* ni Marcos de Lisboa

(1865) na ang “banwa” ay tumutukoy sa mamamayan at bayan. Gayundin sa *Diccionario Bisaya-Español* ni Padre Juan Felix De la Encarnacion (1885), ang “banoa” ay bayan (*pueblo*), kabahayan (*barrio*), at rehiyon (*region*). Samakatuwid, ang *bayán* bilang mamamayan, kabahayan, at lupang tinubuan sa Katagalugan ay di naiiba sa turing at kahulugan ng *bayán* sa sangkapuluan.

Sa pakikipag-isang loob ng *Florante at Laura* sa kamalayan at damdamin ng nakararami, aangkinin nila ito bilang kanilang *dalitang bayan*; na ang mga hari at reyna ay hindi tagapagligtas kundi ang piyudal at kolonyal na kaayusan; at ang talinghaga sa awit ay tutugma sa kalagayan ng bayan sa pagitan ng mga salitang tanging ang sensibilidad ng higit na nakararami ang nakagagagap.

Ang Bayan sang-ayon kay Balagtas

Ayon kay Hermenigildo Cruz, nauna ang *Florante at Laura* sa *Noli Me Tangere* sa pagsasalarawan ng hibik at paghihirap ng bayan (Reyes *Kung Sino*). Nang mailathala ang *Noli Me Tangere*, ikinatuwiran ni Epifanio de los Santos na hinalaw sa *Florante at Laura* ang banghay, mga tauhan, at sakit ng bayan sa nobela (Reyes 324-8). Sa historyador na si Teodoro Agoncillo, inilarawan ni Balagtas ang bayan sa “tunay na kalagayan sa isang panahong madilim at batbat ng panganib” (199-208). Pagpapasiya naman ni Lope K. Santos, hindi lamang isinalarawan ang kalagayan ng bayan sa *Florante at Laura*, naghimagsik din laban sa malupit na pamahalaan, laban sa hidwa ng pananampalataya, sa maling kaugalian, at sa mababang uri ng panitikan (Lope K. Santos *Apat na Himagsik*). Sa apat na pangunahing nagsuri ng *Florante*, nagkakasundo sila sa “alegorikal na interpretasyon kung saan ang teksto ay sinusuri para doon sa higit na malalim na kahulugang taglay nito” (Reyes 32). Samakatuwid, ang bayan sa awit ay alegorikal ng bayang hawak ng dayo sa leeg.

Nahahati sa 3 bahagi ang awit: *Kay Celia*, *Sa Babasa Nito*, at *Puno ng Salita*. Walang salitang bayan sa dalawang nauna kaya nasa huling bahagi ang sentral na tutok ng pag-aaral. Sa 41 naitalang bayan sa *Puno ng Salita*, may 2 uri ng paraan ng pagkakagamit dito: 1) ang kalagayan ng ipinagpapalagay na bayang Pilipinas at 2) bayan bilang bansa.

Unang ginamit ang bayan sa awit sa ika-14 saknong, sa pamamagitan ni Floranteng nakagapos dulot ng lilong pinuno. Nasa ika-316 saknong ang kaliluhang ito

nang pasukin ng salot na “han~gal na púnò at masamáng ásal,” na nasa ika-341 saknong. Ito ang nagpapabigat sa kalooban ng marami. Ani Balagtas, ang “Haring may han~gad sa yaman ay mariing hampás nang Lan~git, sa bayan” (Sak. 340). Sa ika-377 saknong, dahil sa pananakop “n~g magulóng baya,t, baluting soldados,” Nangyari ang “jarao na sinumpa n~g galit n~g Dios!” ayon kay Laura. Kaya sa ika-176 saknong, isinisisi ni Florante ang pagdurusa nang ipanganak sa bayan ng ama (Sak. 176). Muli, ang katutubong konsepto ng bayan sa sinumang ipinanganak sa lupang tinubuan ng ama (Richardson 6-11).

Panahon ng malalim, malawak at malakas na gahum ng dayong mananakop ang ika-19 na siglo ng Pilipinas sa usaping pampolitika, pang-ekonomiya, at pangkultura. Bilang intelektwal, malinaw kay Balagtas ang mga nagaganap sa loob at labas ng kanyang bayan. Sa ika-375 saknong, ganito niya ito isinalarawan: “naringig sa baya,i, isang píping guló na parang isang saquí na di mahulaan ng médicong pantás” na “pinamamayanan n~g casama,t, lupit, han~gis caliluhan” (Sak. 114). Mula dito, tatawagin itong “Bayang ualáng loob” ni Florante (Sak. 120). Sa huli, gamit ang ika-198 saknong, ayon kay Balagtas, “ang mundo,i, bayan n~g hinagpis” kaya’t ang bawat mamamayan ay “súcát tibayan ang dibdib.”

Ngunit hindi laging pagdurusa at paghihinagpis ng bayan ang makikita sa *Florante at Laura*. Tatlong beses na binanggit ni Balagtas sa awit ang *payapang bayan*. Una, sa ika-97 saknong, sa kawalan ng pag-asa ni Florante sa pagkakagapos, naisip niyang malapit na silang magkitang muli ng yumaong ama. Pangalawa, ginamit ang *payapang bayan* upang tukuyin ang paglagay sa tahimik ng ama’t ina ni Florante sa Albania (Sak. 175). At pangatlo, sa ika-399 saknong, ang kahuli-hulihang saknong, nang sabay na ikinasal ang magkasintahang sina Florante at Laura, Aladin at Florida, tuluyan nang nakamit ang *payápang bayan*. Samakatuwid, tumutukoy ito sa kapanatagan at katiwasayan ng loob ng indibiduwal. Tumutukoy rin ito sa kawalan ng sigalot, kagutuman, at digmaan. Sa kabilang banda, makakamit lamang ang *payapang bayan* kung ganap nang nakalaya ang mamamayang dumaranas ng paghihirap, paghihinagpis, at pagdaralita – ang paglayang ito ang siyang lunggati ng mga nakaranas ng pananamantala’t pang-aapi.

Sa ika-311 saknong, isinalarawan ni Florante ang pagod ng mga sundalong lumaban sa digmaan: “ang baya,i, tatlong arao halos na nacalimutan ang gauing pagtulog.” Matapos mabawi ang “bayang cubcób

nang hilahil,” ipinakita ang lubos na pasasalamat ng bayang natimawa kay Florante para ipadama sa mambabasa kung gaano kahalaga, karapat-dapat, at isang pangangailangan ang kalayaan sa isang bayan. Kaya ang bayang hapo sa pagkakaalipin sa ika-308 saknong, ngayo’y natimawa at tila nabunutan ng tinik (Sak. 307-9).

Bayan bilang Bansa

Sa *Florante at Laura*, maraming beses ikinabit sa *bayan* ang salitang “Albania,” “Crotona,” at “Atenas” na mga lugar sa Europa. May kabuuang 13 ang naitalang salita. Halimbawa, nang kalagin ni Aladin ang gapos ni Florante, napansin ng Moro ang pagkakaiba nila ni Florante kaya sinabi niyang ‘wag mangamba’t magkaibigan sila (Sak. 149). Walang masyadong detalye kung ano ang tinutukoy na pagkakaiba sa pananamit ng dalawa ngunit naging malinaw sa ikalawa’t ikatlong linya: Taga-Albania si Florante at “kaaway ng baya’t sekta” ng Persyanong si Aladin. Gayunman, “magkacatoto tayo,” ani Moro. *Bayang Persya* ang bayang tinubuan ni Aladin na nasa Gitnang Asya na ngayo’y Iran. Samakatuwid, bansa ang gamit ng bayan dito ni Balagtas para sa pang-unawa ng karamihan. Ganito rin ang konteksto ng bayan ni Balagtas nang pauwiin sa Albania si Adolfo matapos ang tangkang pagpatay kay Florante (Sak. 231). Makikita ang parehong gamit ng bayan bilang bansa sa pagtukoy sa “Albania,” “Crotona,” at “Atenas.” Samakatuwid, bayan bilang bansa ang pangalawang gamit ni Balagtas sa *Florante Laura*. Bilang intelektuwal, mahirap maipagkamaling aksidente ang gamit niya sa *bayan* at kalabisan kung kakapusan sa bokabularyo ang dahilan para sa makatang nagawang pagsanibin ang mitolohiyang Griyego at tradisyong *metrico romanse* sa panulaang Tagalog.

Samantala, may naitalang 15 salita ng ciudad na ikinakabit rin sa “Albania” at “Persia” tulad ng pagkakagamit sa salitang bayan. Pansinin ang halimbawa ng gamit ng ciudad: Sa ika-174 saknong: “Sa isang Ducado nang Albaniang Ciudad,/ doon co naquita ang unang liuanag.” Sa ika-176 saknong naman: masayáng Ciudad na lúpa ni iná?/ disin ang búhay co,i, di lubháng nag dusa.” Sa biglang tingin, walang pagkakaiba ang gamit ng *ciudad* sa magkahiwalay na saknong na tumutukoy sa Albania at Crotona. Ngunit kung pagmamasdang mabuti, iba ang bilang ng pagkakagamit ng pantig sa una kaysa

sa ikalawa: Dalawang pantig ang *ciudad* sa ika-174 saknong habang tatlong pantig sa ika-176 saknong. Ganito rin ang pagkakagamit sa iba pang salita sa awit upang tumumbas sa hinihinging tugmaan. Ayon kay Carlos Ronquillo, bukod sa “ciudad,” ganito rin ang pagkakagamit sa “Laura” magkaminsan sa kabuuan ng awit (Ronquillo “Mga Paliwanag”).

Lumalabas na pang-ekomikong gamit ang *cuidad* ni Balagtas upang matumbasan ang kinakailangang bilang ng pantig sa taludtod at upang ipantugma sa hulihan ng linya. Ang uri ng pagtutugmang ito sa panulaang Tagalog ang siyang tutuklasin at didiskursohin ng mga susunod na henerasyon ni Balagtas (Rizal *Arte metrica*, L. K. Santos *Peculiaridades*, Almario *Balagtismo*).

Si Balagtas at ang kanyang *Florante at Laura* ng ika-19 na siglo

Sa mga tampok na pangalan ng ika-19 na siglo ng Pilipinas, isa si Jose Rizal sa naunang nagbigay-pagkilala sa panulat ni Balagtas at sa *Florante at Laura*. Sa *Arte metrica del tagala*, buong pagmamalaking ipinahayag ni Rizal na si Balagtas ay isang manlilikha ng awit at mahusay na makatang Tagalog (En esta clase de estrofas está escrito el pensamiento de Francisco Baltazar, obra de la lengua tagala en toda su apogeo y magnificencia) at huwaran ng retorikang Tagalog (Las poesías más bellas y poéticas estan escritas en cuartetos como la poesía de F. Baltazar un modo de hablar de los tagalos). Samantala sa *Noli Me Tangere*, hindi iilang ulit nabanggit si Balagtas (Baltazar) at sinipi ang ilang linya ng *Florante at Laura* sa katauhan nina Don Rafael Ibarra at mga tauhang sina Pilosopo Tasyo at Elias (Reyes 325). Makikita rin sa isa niyang liham ang pagkadismaya sa balu-baluktot na pananagalog ng mga kababayan sa Europa kaya naalaala ni Rizal ang naiwang kopya ng *Florante at Laura* sa Barcelona (Reyes 326, L.K. Santos *Apat na Himagsik*, Lumbera *Tagalog Poetry*, Mojares 409), ganoon din sa kaniyang paglalakbay sa America nang minsang tanungin kung siya ang sumulat ng *Noli Me Tangere* (Reyes 325).

Nang ipatapon ng mga Amerikano sa Guam, pinatunayan din ni Apolinario Mabini noong 1901 ang popularidad ng *Florante at Laura* bilang babasahin ng ika-19 na siglo. Sa udyok ng bantay na Americanong kapitan ng mga sundalo, ipinasulat kay Mabini ang sa tingin niya’y pamanang panitikan ng tinubuang bayan. Gamit ang lapis, isinulat niya ang buong *Florante at Laura*. Narito ang sipi ng isang saknong mula sa orihinal na awit (Baltazar sak. 15):

Florante at Laura sa bersyon ni Apolinario Mabini (1901):

“Ang magandang asal ay ipinupukol
sa laot ng dagat ng kutya’t linggatong
balang magagaling ay ibinabaon
at inililibing ng walang kabaon.” (Mabini 12-14)

Ayon pa kay Epifanio de los Santos, sinipi rin ang ilang linya ng *Florante at Laura* ng iba pang kakontemporanyo ng mga nabanggit sa itaas (Reyes 325). Sa madaling sabi, bukod sa nakabisa ang mga pamosong linya at saknong ng *Florante at Laura* ng kalakhang binanggit na personalidad na pawang mga ilustrado ng ika-19 na siglo, patutunayan ang popularidad ng awit nang isulat ito nang buo. Mula sa ganitong pagsipat, gagamitin ito bilang sandata upang imulat ang kalagayan ng *bayan*.

Ang makabayang tradisyong pampanitikang nagtataguyod ng kalayaan ng Pilipinas ay ipinagpapalagay na nagsimula kay Balagtas gamit ang kanyang panulat (Ordenez, sipi sa Lumbera “Nationalist Literary Tradition” 2). Naging malusog na supling ito sa kamay ng mga ilustradong nakaaangat sa buhay at binihisan ng panibagong mukha upang gamitin sa makabayang simulain. Nang lumaon, ginamit na sandata ng masang anakpawis upang himuking kumilos at pawiin ang “masinsing tabing na nakabubulag ng kaisipan” sa pagganap ng dakilang layon – ang pagrerebolusyon.

Katipunan: Ang huling pag-asa ng ‘bayang bulag’

Ang kawalang-oportunidad na guminhawa ang kalagayan, lantarang diskriminasyon, at paglabag sa karapatang-pantao ang nagtulak sa Katipunan na imulat at pakilusin ang bayan sa pakikipaghiwalay sa Espanya nang maitatag noong 1892 (Richardson 50). Maisakakatuparan lamang ito kung mag-aambag-ambagan ng “gawa” ang bawat mamamayan – isang kolektibong pagkilos ng *bayan* na may “majal na catungculan na magtangol at mag paca jirap sa icaguiguinjaua nito” laban sa “ualang aua, matacao at dayucdoc na nag papangap Jalimao,” ang Espanya (9). Inililinaw sa mahahalagang dokumento ng Katipunan na makatuwiran (*mairong catoiran*) ang paglaban sa mga “intereses, cailangan, at mga tunay at tapat na jangad” ng bayan at hindi gawang *calilojan*. Ganito ang kalagayan ng *bayang tagalog* sa kamay ng dayo:

"...quinacaladcad at **inilulubog sa ilalim nang malauac na hirap, iniinis** na di ibig pasingajin, at bagcos **dinadangunan ng mabibigad na patao**, upanding **huag ng lumitao mag pacailan pa man**." (50) [sa akin ang diin]

Matingkad ang larawan ng bayang kinakaladkad at itinaon sa malalim na hukay. Ngunit, sa halip na bato ang nakadangan ay "mabibigad na patao" ng parusa o buwis nang mahirapang makaahon sa pagdurusaan. Maaaring nabasa ng (mga) sumulat ng "Pinagcasundoan" ang popular na linya sa *Florante at Laura* na "cagalin~ga,t, bait ay nalulugam/ ininis sa hucay nang dusa,t, piglati" upang higit na makaugnay sa masang inaasahang mapasasapi sa samahan. Upang mapanatili ang kadalisan ng loob sa Katipunan, "lahat nang jilig ay sa icagagaling at icajijiualay ng inibig na bayan" (11). Sa mga dokumento ng pagpapamiyembro, bukod sa "Diyos," mahalaga ang panunumpa ng mga bagong Katipunero sa bayan kasabay ng pagtatanggol sa Katipunan nang buong katapangan bilang simbolo ng Kalayaan (86-94). Sa seremonya ng inisasyon ng pagmimiyembro sa Katipunan, ang bayan din ang "pinaghahandogan ng lubos na linalayon" (104-11). Samantala, sa mga aral sa Dekalogo ni Andres Bonifacio, ang pagkamatay para sa bayan ay kapuri-puri at itinumbas ang "hangad ng bayan" sa hangad ng Diyos (127). Dagdag pa, sa Kartilya ni Emilio Jacinto, na siyang ginagamit na gabay ng mga Katipunero, ang pagmamahal sa bayang tinubuan ang kauna-unahang utos sa Kartilya (131-134). Sa madaling sabi, samahang makabayan ang Katipunan na iniaalay ang buhay sa kagalingan ng bayan.

Sa mga dokumento ng pagpupulong mula sa *Balangay/Sangguniang Bayan, Kataastaasang Kapulungan, Mataas na Sanggunian*, at *Kataastaasang Sanggunian*, malimit gamitin sa liham ang pagkakabit ng bayan sa mga lugar na "Maynila," "Pasig," "Mandaluyong," "Malabon," "Las Pinas," "Bulacan," "Tangway," "Kawit," "Bacod," "Ymus," "Noveleta," "San Francisco de Malabon," "Batangan," "Laguna" at iba pang lugar na may presensya ng Katipunan o engkuwentro sa pagitan ng mga Katipunero at Kastila. Pansinin halimbawa ang gamit ni Bonifacio sa liham niya sa Mataas na Sanggunian ng mga hukbo sa dakong Hilaga:

"Ang pagsalakay sa **bayan ng Pasig** na ginagayak ay aming tunay na minagaling at

ito'y siyang kapagdaka na'y [?] siyang aming hinahangad na mangyari." (277) [akin ang diin]

Ganito rin ang gamit ni Artemio Ricarte sa kanyang deklarasyon sa naganap na dayaan ng botohan sa Tejeros:

"... sumapit ako sa Convento ng **bayan ng Tanza o Panguagi**, at nadatnan ko ang Kgg. Na Dakilang G. Emiliano Riego de Dios..." (342) [akin ang diin]

Panghuli, ang isa sa mga katitikan na si Jacinto mismo ang sumulat:

"... buhat sa araw na ito'y natatayu ang By. Magdalo sa **bayan ng Kawit** hukuman ng Tangway." (234) [akin ang diin]

Sa eleksiyong naganap noong 24-25 Disyembre 1894, sa ganitong pahayag naman tinukoy ang boto ng mga katipunero:

Kinakailangan sa ikatutupad ng Kapangyarihan ng Bayan, ang bawat Kawal ay lalagay sa pinakakatawan ng isang bahagi ng kabilangan ng mga Akibat at siyang tataglaing halal o votos. (45)

Panghuli, sa katitikan ng Kataastaasang Kapulungan noong 30 Nobyembre - 1 Disyembre 1895, pormal nang nagkaroon ng silid-aklatan ang mga katipunero sa inisyalatiba ni Jacinto:

Binasa ng kap. na Pingkian ang pagkakatatay sa patnugutang susundin ng "Basahan ng Bayan," at ito'y minarapat ng kapulungan liban ang ika-35 pangkat na binago. (67)

Samakatuwid, napanatili ang katutubong konsepto ng *bayan* sa mga dokumento ng Katipunan sa pagtukoy sa mamamayan at binabanggit na lugar. Panghuli, ang bayan ding ito ang tumutukoy sa "lahat nang tumubo sa Sangkapuloang ito... bisaya man, iloko man, kapangpangan man, etc." (127). Sa madaling sabi, ang *bayan* ay siya ring tumutukoy sa heyograpikal na kalagayang pampolitika at lahat ng sakop ng sangkapuluan ng Pilipinas, kabilang na ang kosmolohikal. Sumasang-ayon ang ganitong depinisyon mula sa linya ni Balagtas: "Sa pagca,t, ang mundo,i, bayan n~g hinagpis."

Ang talinghaga sa panulat ni Emilio Jacinto

Sa tampok na indibidwal ng ika-19 na siglo, kilala si Emilio Jacinto na sumulat ng *Kartilya ng Katipunan* at *Liwanag at Dilim*. Bukod dito, maaaring nakaimpluwensiya ang *Florante at Laura*, bilang popular na babasahin ng ika-19 na siglo, sa tampok sa sulatin ni Jacinto sa Katipunan at paggamit ng bayang pinag-aalayan ng buhay. Sa sulating “*Gising na, mga tagalog!*” tila ginamitan ni Jacinto ng pananalinghaga ang mensahe sa kababayan upang isalarawan ang bayang hawak ng dayo.

Mahigit sa tatlong dan taun - ¡kahangahangang kalaunan! - na lumubug sa kalunuran ng bangis at daya ang araw ng ligaya nitong Katagalugan! Mahigit sa tatlong dan taung tayo’y na sa dilim, **dilim na nakapangingilabot** ng gabi ng kaalipinan! ¡At ang **gabing ito’y tahimik na katulad ng mga libingan!** ¡at sa katahimikang ito’y **walang ibang nadidingig liban ang kalansing nga mga tanikala, o kaya ang mapanglaw na daing** o kaya naman ang binging galit ng pusung tinuhug ng kalis ng ganid! (Richardson 50) [akin ang diin]

Tila dinadala ang mambabasa sa katulad ding pagsasalarawan sa unang bahagi ng *Punò Nang Salitâ* sa awit: Ang “[s]a isang madilím gúbat na mapanglao” na itinuturing na bayang Pilipinas na may “[m]alalaquing cahoy” kaya nagdudulot ng “dilim na nakapangingilabot” ay siya ring naghahatid ng “pauang dalamhati, cahapisa,t, lungcót.” Posibleng nagmula ang “tahimik na katulad ng mga libingan” ni Jacinto sa deskripsyon na ito ni Balagtas: “Ang m~ga bulaclac n~g nag tayong cahoy” na “pauang culay lucsa, at naquiqui ayon sa nacaliliong masangsang na amoy” (Baltazar sak. 1-4). Hindi ba’t itim o puti ang malimit na kulay ng bulaklak kapag nakikiramay o nakikiluksa sa kakilalang namatayan? Samantalang ang nabubulok at inuod na laman ng mga namatay ang siyang nagpapabaho sa libingan lalo na kung umuulan at bumababaw ang lupang pinaglibingan ng mga bangkay. Panghuli, maaaring itinumbas ni Jacinto ang kaniyang “nakalansing nga mga tanikala, o kaya ang mapanglaw na daing” na maririnig tuwing gabi sa *Florante at Laura* bilang “huni pa n~g ibon, ay nacalulunos sa lalong matimpi,t, nagsasayáng loob.” Sa kabuoan, higit na nagiging malinaw sa pandama at kamalayan ng mambabasa ang kalagayan ng *bayang*

tinubuan sa kamay ng dayuhang mananakop. Sa halip na maging katuwang ang Kastila sa pagpapaunlad ng sariling kagalingan, ito ang siyang pangunahing dahilan ng kahapisan at pagdurusa.

Dagdag pa ni Jacinto, hanggang kailan titiisin ng mga kababayan ang dinaranas na paghihirap at kailan “sisikat ang araw ng lakas kasabay ng kanilang kaginhawahan?” Kung malalaman lang ng mga kababayan ang kanilang kalagayan, giit ni Jacinto, hindi na sila “mamamalagi sa ganitong kabulagan at kaalipinan.” Samantala, nauna nang ginamit sa *Florante at Laura* ang “bayang bulag” nang linlangin at lokohin ni Adolfo ang nagkakagulong mamamayan (Sak. 379). Kaya panawagan ni Jacinto sa mga kababayan: “Makapangyarihang kanan mo’y ikilos papamilansikin ang kalis ng poot...” (Richardson 51). Makikita ang siniping bahagi sa una’t ikalawang taludtod ng ika-22 saknong ng *Florante at Laura* sa sumusunod na linya: “sa Reinong Albania,i, cúsang ibulusoc ang iyóng higanti sa masamáng loob.” Sa awit, itinataghoy ni Florante sa maawaing langit ang sinapit ng kaniyang bayan at tangkang paghihiganti sa masamang loob na naghahari rito. Pahayag pa ni Jacinto sa mga kababayang “may masinsing tabing na nakabubulag ng kaisipan.” “diyata’t kayo’y lagi nang nakagapus diyan sa dustang haligi niyang lubhang nakapupoot na kapusungan?” Sa puntong ito, Ang pagsasanib ng lipunan at panitikan— ang mga kababayang nakagapos sa dustang haligi at si Floranteng nakagapos sa “punong Higuera ng daho,i, culay pupás” ay iisa na lamang at “cahabag habag na pinag usig n~g masamang palad” (Baltazar sak. 8).

Sa ganito winakasan ni Jacinto ang sanaysay: “¡Hayo na, hayo na bayan ko’t ikaw ay gumising! ¡ikaw ay magbangun, buksan ang mata mo’t ikaw ay magmasid, ay bayang kong sawi.” Malinaw pa sa kolektibong alaala ng mga Pilipino ang “bayang sawi” sa *Florante at Laura* na ngayo’y bayang ginigising sa pagkakahimbing at malaong pagkakabulag (Sak. 14). Bilang popular na babasahin ng ika-19 na siglo, isa marahil ang pagbasang ito ni Jacinto sa *Florante at Laura* maiuugat ang pagkakaroon ng politikal na gamit sa awit. Hindi nakapagtataakang tanghalin si Balagtas bilang panandang-bato ng pagtatagpo (*confluence*) ng katutubong tradisyon ng pagtula at ng misyonaryong panulaan mulang ika-17 siglo hanggang sa ika-19 na siglo (Lumbera).

Bagaman nasa Espanyol ang kalakhan niyang tula, napanatili ni Jacinto ang pagiging makata sa

sanaysay sa pamamagitan ng impluwensiya ni Balagtas upang imulat at pakilusin ang *bayan* laban sa dayong mananakop (Jose P. Santos). Sa *Kalayaan*, ang nag-iisa at una't huling inilathalang pahayagan ng Katipunan bago ang Rebolusyon ng 1896, ang mga sulating ikinakabit sa pangalan ni Emilio Jacinto ay ang *sa mga kababayan*, *Pahayag*, *Gomez*, *Burgos*, *Zamora* at *Sa Bayang Tinubuan* (Richardson 175-79, 2016-10). Sa *sa mga kababayan*, ang editoryal ng pahayagan, ang hinagpis ng mga kababayan na malaon nang naririnig at nakikitang pagkaaping walang makatulad at mabangis na kahirapan sa bayan ay nararapat nang "maibangon sa pagkalugmok." Giit ng sulatin, alisin na ng ibang "makapal na mga kababayan" ang ilusyon ng pag-unlad sa Espanya na bayang tanging "nagtatamasa at nabubusog sa di niya pagud at isang bayang nagpapagud sa di niya pinakikinabangan at ikinabubusog." Pangunahing salaysay naman sa sulating *Pahayag* ang palitan ng diyalogo ng aparisyon ng nagngangalang Kalayaan sa anyo ng isang babae sa binata. Hindi nakapagtataka, ani Kalayaan, na di siya namumukhaan ng binata pagkat mahigit tatlong daang taon nang nakararaan nang piliin ng kaniyang mga kababayan ang sambahin ang maling ehemplo ng relihiyon at kasapakat nito. Mapuputol lamang itong paghihirap, pagwawakas ni Kalayaan, kung bibigyan siyang muli ng halaga ng kaniyang mga kababayan, at handang mamatay para sa kaniyang pangalan. Sa sulating *Gomez*, *Burgos*, *Zamora* naman, agad na bubungad sa mambabasa ang ika-14 na saknong mula sa awit na *Florante at Laura* (207). Ani Jacinto, dahil sa "bibig na binubucalan nang sabing magaling at catutuhanan" ng tatlong paring martir, dagli silang dinakip at "agad binibiác at sinisican~gan nang caliz n~g lalong dustang camatayan." Ngunit, ayon kay Jacinto, "di lilimutin magpahanggang kailan ng bayang tagalog" ang kadakilaan ng tatlong pari at sa katunayan, ito ang nagbukas ng "isang maluang at malalim na sugat sa pusung kanilang mga kababayan." Kung nakuhang mag-alay ng buhay sa kababayan at sa lupang tinubuan ng tatlong paring martir, pagwawakas ni Jacinto, ganoon din kaya ang mga kababayan na "matututong mamatay dahil sa lupang tinubuan at dahil sa kanila?"

Mula sa mga nabanggit na dokumento ng Katipunan, kabilang ang nalathala sa *Kalayaan*, maaaring sabihing ang panulat ni Jacinto sa pamamagitan ng pananalinghaga, pamamaraan, at konsepto ng bayan ay may bahid ng impluwensiya kay Balagtas at *Florante at*

Laura bilang popular na babasahin ng ika-19 na siglo. Tulad ni Bonifacio, malay si Jacinto na sa pamamagitan ng *awit*, mailalapit nito sa karanasan at sensibilidad ang kalagayan ng karaniwang mamamayang pinagaalayan. At tulad nang inaasahan, magbabangon ang bayang sawi sa pagputok ng rebolusyon.

Ang 'bayang natimaua' ng Rebolusyong 1896

Tinatayang mulang 300 tungong 30,000 ang napasapi sa pagputok ng rebolusyon noong 1896. Ipinagpapalagay na nakatulong sa paghihimagsik ang 2,000 kopya ng pahayagang *Kalayaan* (171). Dalawang akda rito ang likha ni Andres Bonifacio: *Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog* at *Pag-ibig sa Tinubuang Bayan*. Sa *Dapat Mabatid ng mga Tagalog*, maihahalintulad sa katutubong salawikaing "ang hindi lumingon sa pinanggalingan, di makararating sa paroroonan" ang ginawang pagbabalik-tanaw ni Bonifacio sa kalagayan ng bayan bago dumating ang mga dayong mananakop: Ayon kay Bonifacio, "nabubuhay sa lubos na kasaganahan at kaguinhawan" ang mga kababayan at "kasundo ang kapitbayan," na binigyang-diin ang bansang "Japon." Pagdating ng mga Kastila, dagdag pa ni Bonifacio, nagkaroon ng *Pacto de Sangre* ang dalawang bayan sa pag-aakalang magdudulot ito ng "lalung kagalingan at lalung imumulat ang kaisipan." Sa halip, itinulak ang bayan sa pagiging "bulag, inihawa sa kanilang hamak na asal, pinilit na sinira ang mahal at magandang ugali ng Bayan" at "isinadlak sa lubak ng kasamaan ang kapurihan." Kaya kaguluhan ang naghahari sa pamayanan at pawang pagdurusa ng mga kababayan sa kamay ng Kastila. Sa pamamagitan ng pagkakabit ng "bulag" sa "bayan," muli ang "bayang bulag" gaya ng tinalakay kanina sa itaas. Panahon na, pagwawakas ni Bonifacio, para sa mga kababayan na malaon nang nabulagan na balikan ang mga dakilang aral na "nagwawasak sa masinsing tabing na bumubulag sa kaisipan" upang makamit ang kaguinhawaan ng bayang tinubuan. Ang panawagang kumilos at maghimagsik ang bayan ang itinampok ng tulang *Pag-ibig sa Tinubuang Bayan* ni Bonifacio.

Sa 28 saknong ng *Pag-ibig sa Tinubuang Bayan*, maaari itong hatiin sa tatlong bahagi: *Iniibig na Bayan*, *Nagdurusang Bayan*, at *Kilos na, Bayan*. Sa unang bahagi, para kay Bonifacio, batid ng lahat na ang pagmamahal sa tinubuang lupa ay walang katulad. Walang imposible sa sino mang nagmamahal sa bayan at lahat ng pagpupuring lubos ay kanyang iniaalay at

<i>Florante at Laura</i> ni Francisco Balagtas (1838)	<i>Pag-ibig sa Tinubuang Bayan</i> ni Andres Bonifacio (1896)
!O pag sintang labis nang capangyarihan sampong mag aamá,i, iyong nasasaciao! pag icao ang nasoc sa púsò ninoman hahamaquing lahat masunód ca lamang! [akin ang diin]	¡Banal na pagibig! pag ikaw ang nukal sa tapat na puso ng sino't alin man, imbi't taong gubat maralita't mangmang nagiging dakila at iginagalang [akin ang diin]

gagawin alang-alang dito. Pansinin, halimbawa, ang ika-3 saknong ng tula.

Isinaad ng persona ng tula na walang iba kundi si Bonifacio, higit na iginagalang ang sinomang uri sa lipunan na nagmamahal sa bayan bilang “banal na pag-ibig” sa lahat. Sa isinagawang paghahalintulad, mahihinuhang pinaunlad ni Bonifacio ang isang saknong sa *Florante at Laura*. Ngunit, higit na mas masaklaw at mas mataas na antas ng pag-ibig ang inihahain ni Bonifacio, kabilang sa mga itinuturing niyang “dakila” ay ang mga “taong-labas” at marhinalisado sa lipunan. Samakatuwid, umaalingawngaw sa saknong ang aral ng Kartilya (131-34). Dagdag pa ni Bonifacio, lahat handang ialay sa bayang tinubuan: “dugo, yaman, dunong, katiisa’t pagod” at hanggang buhay ay “magkalagot-lagot.” Pagkat dito, sa pagsasalarawan ni Bonifacio, sumilay ang liwanag at init ng araw sa katawan ng sinoman at hanging nagsilbing gamot sa “puso ng sisingap-singap ng pinakadustang kaniyang anak.” Nakaimbak din sa bayan ang alaala ng “lumipas na saya” sa kalikasang tinataglay nito: ang mga puno’t parang at gubat, ang taglay na malinaw na tubig sa “bukal sa batisang nagkalat sa bundok,” at aliw-iw ng ilog— lahat ng ito’y “nakaaaliw din sa pusung may lungkot.” Di nakapagtatakan may “sakbibí ng lumbay” sa isip ang pagkakalayo sa lupang tinubuan. Higit sa lahat, kapag nasasapanganib ang ito, ang “magdusa’t sampung kamatayan” ng mamamayan alang-alang sa bayan ay kaligayahang walang katulad. Hindi ito nakapagtataka sapagkat dito nagmumula ang “tua at aliw ng kasangulan hangang sa katawa’y mapasa libingan.” Mula sa mga nabanggit na taludtod, muling ipinabatid sa mambabasa ang katutubong konsepto ng bayan.

Samantala, angkop ang *Nagdurusang Bayan* sa ikalawang bahagi ng tula para sa pananatili ng “bayang bulag.” Sentral sa pagdurusang ito ang “nilalaspatangan at niyuyurakan” na “puring nilait” ng “tagaibang Bayan” ano’t di nasasaling ang kalooban ng

kababayan. Sa “pagkabaun at pagkalugmok” ng bayan na “supil ng panghampas” na “tanikalang gapos,” ani Bonifacio, iyak na lamang ba ang isusukli ng mga kababayan? Bakit manghihinayang, ani Bonifacio, ang mga kababayan sa “paghihiganti’t gumugol ng buhay” at nais bang “lumagi sa kaalipnan” ang bayan? Sinong mga “tunay na anak” ang lilingap sa Inang Bayang tinatapakan sa leeg ng mga Kastila? Bakit hindi magawang “akayin at magdamdam” ng mga anak? Isang kawalan ng dangal at kalinisan ng puri ang manatiling kubit-balikat sa pagdurusa ng bayan. Kaya pagtutuya ni Bonifacio, “pusung naglilipak sa pagkasukaban ang hindi gumugol ng dugo at buhay.”

Sa ika-269 saknong ng *Florante at Laura*, pagkakamit din ng dangal (Baltazar sak. 271) at puri (Sak. 326) ang nananaig kay Florante nang isugo siya bilang heneral ng hukbo sa bayang Crotonang kinubkob ng Moro sa udyok ni Haring Linceo ng bayang Albania. Ayon sa hari, kailangang tumanaw ng *utang na loob* si Florante pagkat “nunò mo ang Hari sa bayang Crotona” (Sak. 271). Samakatuwid, pagbabawi ng bayang kinubkob ng mananakop ang magbabalik ng dangal at puri sa bayan na siyang pinagmulan at pinanggalingan (Dumol *Early Concept* 3). Nang mabawi ni Florante ang Crotona, isinalarawan ito sa awit bilang “bayang natimaua” (Baltazar sak. 307). Ang panghuling bahagi ng akda, ang *Kilos na, Bayan*, ay kakikitaan naman ng pagpupursige ni Bonifacio na pukawin ang kalooban at damdamin ng kababayan na kumilos sa ikagiginhawa ng “naabang Bayan.” Ang mga kababayang “natuyan na, sa kapapasakit,” “nalagasan ng bunga’t bulaklak,” “pusong pilit inihapay,” “dukhang walang tanging palad,” nariyan ang *Bayan*, ani Bonifacio, “ampunin” at “humihibik, mga anak siya’y antay.” Kung naghahanap ng gamot ng kanilang pagdaralita, nariyan ang bayan, pagwawakas ni Bonifacio, “pagkat ginhawa niya’y ginhawa ng lahat” kaya “iubos ang malaking puso” sa “malaking linkod”— ang pagrerebolusyon. Ang “lahat” ng

tinutukoy ang siyang bumubuo ng Haring Bayan ng Katagalugan: “bisaya man, Iloko man, kapangpangan, etc.” Saan pa nga ba tatanghalin, ani Bonifacio, “at darating ang pagkatimawa ng mga alipin liban pa sa Bayan?” Samakatuwid, ang pagkatimawa ng bayan o “bayang natimaau” sa *Florante at Laura* ay isang gagapanapan ng ginhawa para sa lahat.

Sa pananagumpay ng rebolusyon sa ilang bayan, mistulang may paralelismo ang pagbisita ni Bonifacio sa Noveleta, bayan sa Tangway (Cavite) noong Nobyembre 1896 sa isang tagpo sa *Florante at Laura*. Sa awit, nang mabawi ni Florante at ng kanyang hukbo ang Crotona, labis ang kasiyahan ng hari at ng “bayang natimaau” (Sak. 302-6). Makikita ang ganitong tagpo sa ika-308-309 saknong. Ang “vivang dugtong-dugtong” kay Florante na lumao’y naging Hari ng bayang Albania ay maitutulad sa “mabuhay, mabuhay ang Hari nitong ating banal na Katipunan!” nang salubungin ng taumbayan si Bonifacio sa bayan ng Noveleta (Richardson 269). Maaaring ang ginamit na paralelismo ay labas na sa mismong sentral na pag-aaral ng papel na ito, ngunit maaaring tingnan ang nasabing paralelismo bilang mahigpit na pag-uugnayan ng panitikan at lipunang kinaiiralan, na siya pa ring tinututungan ng papel.

Kongklusyon

Bilang popular na babasahin ng ika-19 na siglo ng kolonyal na Pilipinas, makikita ang pamumulaklak ng *Florante at Laura* nang mapasakamay ito ng mga ilustrado at ituring na yaman ng panulaang Tagalog. Ngunit sa pangunahin, binigyan ng sariling “buhay” at interpretasyon ng karaniwang mamamayan ang bayan sa *Florante at Laura* upang gamiting sandata sa pagmumulat at pagpapakilos sa bayan sa pagputok ng Rebolusyong ng 1896. Hindi na lamang napako sa usaping “pansining” si Balagtas at ang akda niya. Tumawid na rin ito sa usaping pampolitika – sa pamamagitan ng pagsasalarawan at pagbibigay-katuturan ng *bayan* sa awit, bumuo ito ng politikal na espasyo na tanging ang higit na nakagagagap lamang ng mga kasawian at pagdaralita ng bayan ay ang mismong bayan – ang taumbayan, lunan na pinangyarihan ng mga pagpapakasakit at pagdurusa sa kamay ng mananakop, at ang bayang dinarambong ang likas na yaman. Dumulo at dumugtong ang politikal na representasyon nito na mapapansin sa mga dokumento ng Katipunan sa pamumuno nina Andres

Bonifacio at Emilio Jacinto. Maitatanong: Hanggang saan ang hangganan ng linya sa pagitan ng panitikan at kinaiiralan nitong lipunan? Paano tinatanaw ng mga panlipunang tauhan ng kasaysayan ang pagbubuo ng naratibo ng bayan sa kanilang mga sulatin? Ano-ano ang bigat at dating nito sa usapin ng produksyong pampanitikan sa marahas na pagbabago ng lipunan sa hinaharap?

Sa pamamagitan ng impluwensiya ng *Florante at Laura* partikular sa *Kalayaan*, ang una’t huling pahayagan ng Katipunan, masasabing binitbit ng kilusan ang politikal na representasyon ng bayan sa awit upang sa gayon ay mapukaw ang interes ng “bayang sawi.” At mula roon, ang awit ng romansa ay naging himig ng rebolusyon.

Sanggunian

- Agoncillo, Teodoro. *Bahaghari’t Bulalakaw Katipunan ng mga sanaysay at mga pag-aaral*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1998. Print.
- Almario, Virgilio S. *Balagtismo vs Modernismo Panulaang Tagalog sa Ika-20 Siglo*. Lungsod Quezon: Ateneo De Manila University Press, 1985. Print.
- Baltazar, Francisco. *Pinagdaanang Buhay ni Florante at ni Laura sa Cahariang Albania*. Maynila: Imprenta de Ramirez y Giraudier, 1861. Print.
- Bergaño, Diego. *Vocabulario de la Lengua Pampanga*. Maynila: Imprenta de Ramirez y Giraudier, 1860. Print.
- Carro, Andres. *Vocabulario Iloco-Español*. Maynila: Establecimiento tip-litografico de M. Perez, 1888. Print.
- Chua, Apolonio at Patricia Melendez-Cruz. *Himalay Kalipunan ng mga Pag-aaral kay Balagtas*. Lungsod Pasay: Cultural Center of the Philippines, 1988. Print.
- Dumol, Paul. “Reading the Foundation Dates of Spanish-era Parishes in a Different Key.” *Manila: Selected Papers of the 22nd Annual Manila Studies Conference August 27-28, 2013*. Lungsod Maynila: University of Santo Tomas, 2014. Print.
- . “The Early Concept of Bayan as Gleaned from the Used of the Word in the Catechetical Writings (1582-1591).” 4 September 2019. Lektura.
- Encarnacion, Juan Felix. *Diccionario Bisaya-Español*. Maynila: Tipografia de Amigos del Pais, 1885. Print.
- Ileto, Reynaldo. *Pasyon and Revolution Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. Lungsod Quezon: Ateneo De Manila University Press, 1979. Print.
- Lumbera, Bienvenido. *Tagalog Poetry 1570-1898 Tradition and Influences in Its Development*. Lungsod Quezon: Ateneo De Manila University Press, 1986. Print.
- Mabini, Apolinario, *Mabini’s Version of Florante at Laura*. Lungsod Quezon: National Historical Commission,

1972. Print.
- Macaraeg, Anastacio Austria. *Nuevo Vocabulario Hispano-Pangasinan*. Maynila: [Impr. Fajardo y C. a], 1904. Print.
- Mintz, Malcom W. *Diksionariong Bikol/Bicol Dictionary*. Pilipinas: University of Hawaii Press, 1971. Print.
- Mojares, Resil. *Brains of the Nation*. Lungsod Quezon: Ateneo De Manila University Press, 2008. Print.
- Ordonez, Elmer, ed. *Nationalist Literature A Centennial Forum*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1995. Print.
- Regala, Trinidad O. at Virgilio S. Almario. trans. at ed. *Poetikang Tagalog: Mga Unang Pagsusuri sa Sining ng Pagtulang Tagalog*. Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas at National Commission for Culture and the Arts, 1996. Print.
- Reyes, Soledad, ed. *200 Taon ni Balagtas Mga Bagong Pagtanaw at Pagsusuri*. Lungsod Quezon: Balagtas Bicentennial Commision, 1989. Print.
- Richardson, Jim. *Light of Liberty Documents and Studies on the Katipunan, 1892-1897*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2013. Print.
- Ronquillo, Carlos ed. *Florante at Laura ni Francisco Balagtas*. The Project Gutenberg, 15 Oktubre 2018. Web. 17 Mayo 2005. <<http://www.gutenberg.org/files/15845/15845-h/15845-h.htm>>.
- Samson, Venancio O. *Kapampangan Dictionary*. Lungsod Angeles: Holy Angel University, 2011. Print.
- Santos, Jose P. *Mga Sinulat ni Emilio Jacinto*. Maynila: Jose Paez Santos, 1935. Print.
- Santos, Lope K. *Ang Apat na Himagsik ni Balagtas*. Maynila: Lope K. Santos, 1955. Print.
- . *Peculiaridades de la Poesia Tagala*. Maynila: Lope K. Santos, 1929. Print.